# Sara Duterte, pormal nang pinirmahan ang sister-city agreement sa QC

Pormal nang pinirmahan ni Davao City Mayor Sara Duterte ang bagong sister-city agreement sa Quezon City sa programang pinangungunahan nina Quezon City Mayor Herbert Bautista, Vice Mayor Joy Belmonte, at ng Sangguniang Panlungsod.

"With grateful hearts, we joyfully and warmly welcome Mayor Sara to our city and extend our deepest thanks to her for the time she has spared despite her extremely busy schedule that includes the State of the Nation Address of her father this afternoon," sinabi ni Belmonte sa kanyang welcome address.

Ang paglagda sa Memorandum of Agreement (MOA) of Sister City Cooperation ay unang itinakda noong ika-27 ng Hunyo, ngunit hindi nakarating si Mayor Sara sa seremonya dahil nagkasakit ang isa sa kanyang mga anak. Noong naunang paglagda, pumirma muna sina Davao City Vice Mayor Bernard Al-ag at Vice Mayor Belmonte.

"Today, we will witness the renewal again of these relations thru a resolution filed by Councilor Gian Sotto and passed by the Sangguniang Panlungsod just June of this year," dagdag ni Vice Mayor Belmonte, na tumatayo ring presiding officer ng Sangguniang Panlungsod.

Ang muling paglagda ng MOA ay isinagawa sa Quezon City Hall sa harap ng mga konsehal, department heads, barangay officials, at iba pang panauhin mula sa Davao at QC.

"We are truly happy na tinanggap ng Quezon City ang renewal ng sister-city hood agreement. We look up to Quezon City. Kami kasi doon sa Davao, yung tinitingnan namin yung mga best practices ng mga ibang cities so that we can improve our public service doon," mensahe naman ni Mayor Duterte. *(Angie dela Cruz)*